REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-137

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG KAGALANG-GALANG NA PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA NA MANGASIWA AT GUMAWA NG KAUKULANG HAKBANG UPANG MAKAKUHA NG TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE (TCT) SA KAGAWARAN NG KATARUNGAN (DOJ) NG LUPANG KINATITIRIKAN NG MUNTINLUPA NATIONAL HIGH SCHOOL (MNHS) NA MAY SUKAT NA 10.5 EKTARYA UPANG MAISALIN ITO SA NGALAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Baldomero D. Niefes

*************************************************************

SAPAGKAT, mula pa noong 1945, matapos pahintulutan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports (DECS) ang kahilingan ng dating Direktor Alfredo N. Bunye na maitayo ang MNHS sa kasalukuyang kinatatayuan ng nabanggit na paaralan sa pahintulot pa rin ng Kagawaran ng Katarungan, magpahanggang ngayon ay wala pang sariling titulo ang nabanggit na lupa;

SAPAGKAT, sa loob ng 49 na taon na ang paaralan ay nananatili sa kasalukuyang kinatitirikan at sa dami na rin ng mga nagtataasang gusali na napatayo ay napakalaking pinsala ang maidudulot sa MNHS sakaling mapalayas o magiba dahil sa kawalan ng katibayan sa pagmamay-ari ng lupa;

SAPAGKAT, ang Punong-Guro at mga pinuno ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay atubili at nangangambang magpaayos at magdagdag ng mga gusaling kailangan ng mga mag-aaral sa nasabing lupa na walang pinanghahawakang katibayan ng pagmamay-ari ng lupa ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pagpapaalis ng tunay na may-ari ng lupa sa mga paaralan sa ating bansa ay nangyari na sa maraming paaralan katulad ng Caloocan Elementary School sa Lungsod ng Caloocan at iba pa;

SAPAGKAT, kulang-kulang na anim na libong mag-aaral ang mapipinsala sa kanilang pag-aaral, gayon din ang dalawang daang guro at iba pang tauhan ng MNHS ay kasamang maliligalig ang kanilang pamilya sakaling may masamang mangyari sa nabanggit na paaralan;

SAPAGKAT, ang binabanggit na lupa ay gagamitin at pagtitirikan lamang ng mga gusaling-pampaaralan;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



SAPAGKAT, itinatadhana ng Saligang-batas ng Pilipinas, Artikulo X, Seksiyon 7, na nagsasaad na dapat na may karapatan ang Pamahalaang Lokal sa karampatang bahagi sa mga bunga ng paggamit at paglilinang ng kayamanang pambansa na nasa kani-kanilang mga lugar sa paraang itatakda ng batas;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na bigyan ng kapangyarihan ang Kagalang-galang na Punongbayan ng Muntinlupa na mangasiwa at gumawa ng kaukulang hakbang upang makakuha ng Transfer Certificate of Title (TCT) sa Kagawaran ng Katarungan (DOJ) ng lupang kinatitirikan ng Muntinlupa National High School (MNHS) na may sukat na 10.5 ektarya upang maisalin ito sa ngalan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Katarungan para sa kanilang kaalaman at pagpapahalaga.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-83rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-02 ng Mayo, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panggulo
Samahan ng mg Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Panggulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan